
| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Reading and Literacy |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | Week 6 | Markahan | Unang Markahan/ Ikaanim na Linggo |

| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | The learners demonstrate phonological awareness in decoding developmentally- and grade level-appropriate words; understand and create simple sentences to express meaning about oneself, family, and everyday topics (narrative and informational). | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | The learners use phonological and alphabetic knowledge to read/write words accurately with/for meaning and narrate personal experiences with family and content-specific topics. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | -Comprehend stories.<br>d. Predict possible ending.<br>e. Relate story events to one's experience.<br>-Comprehend informational text.<br>a. Note significant details in informational texts (list and describe).<br>b. Identify problem and solution. | | | | |
| *D. Mga Layunin* | -Comprehend stories.<br>d. Predict possible ending. | -Comprehend stories.<br>e. Relate story events to one's experience. | -Comprehend informational text.<br>a. Note significant details in informational texts (list and describe). | -Comprehend informational text.<br>a. Note significant details in informational texts (list and describe). | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Predict possible ending** | **Relate story events to one's experience** | **Note significant details in informational texts (*list* and describe)** | **Note significant details in informational texts (list and *describe*)** | **Ikatlong Lagumang Pagsusulit sa Reading and Literacy 1** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 30 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 30 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 30 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 30 | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |

| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Panimulang Gawain | Panuto: Hulaan ang posibleng wakas ng kuwento.<br><br>Malakas ang tahol ng alagang aso ni Coco. Hindi naman ganon kung tumahol ang kaniyang aso. Parang takot na takot ito. Dumungaw si Coco sa bintana. Ibig niyang alamin ang dahilan. Sinilip niyang mabuti ang harapan ng kanilang bahay. Nanlaki ang kaniyang mata sa kaniyang nakita.<br><br>Tanong:<br>1. May wakas baa ng kwento?<br>2. Ano kaya ang susunod na mangyayari? | Pamilyar ba kayo sa laruang ito?<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang nasa larawan?<br>2. Meron ka rin ba ng ganitong laruan? | Kilalanin ang hayop na ipapakita sa larawan.<br>  | Ano nga ulit ang pabula? | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang pagbibigay ng wakas o katapusan sa isang kwento. | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang pagbabahagi ng sariling karanasan batay sa isang kwentong nabasa. | Ngayong araw, magbabasa tayo ng isang pabula. Makinig mabuti at itala mo ang mga mahahalagang pangyayari. | Ngayong araw, magbabasa muli tayo ng isang pabula at ilalarawan natin ang mga mahahalagang impormasyon. | |
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | Unlocking of Difficulties:<br>>wakas - huling bahagi o yugto ng isang pangyayari, kuwento, proseso, gawain, o kaganapan kung saan ito natatapos na. | Unlocking of Difficulties:<br>>kwento - ay isang akdang pampanitikan na likha ng guni-guni at bungang-isip na hango sa isang tunay na karanasan o pangyayari sa buhay. | Unlocking of Difficulties:<br>>pabula - ay isang uri ng panitikan na kung saan ang pangunahing mga tauhan ay ginagampanan ng mga hayop. | Unlocking of Difficulties:<br>>paglalarawan - ng paglalarawan ay nauuri ayon sa pakay o layunin ng pagpapahayag na inihahatid naman ng instrumentong ginamit natin sa paglalarawan. | |

| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Panuto: Hulaan ang posibleng wakas ng kuwentong napakinggan.<br>1. Isang araw, tanghali nang gumising si Bobet ngunit sa halip na kumain ay kaagad siyang nagtungo sa kapitbahay upang makipaglaro. Tinawag siya ng kanyang ina upang mag-almusal ngunit hindi siya sumunod. Ano kaya ang nangyari kay Bobet?<br><br>a. Masigla buong maghapon si Bobet.<br>b. Sumakit ang tiyan ni Bobet dahil sa gutom.<br>c. Tuwang-tuwa ang ina ni Bobet sa kanya.<br><br>2. Isinama ni Aling Tase si Allen sa palengke at binilinang kumapit lang sa kaniyang braso sapagkat maraming tao. Sa kanilang paglalakad ay nakakita si Allen ng nagtitinda ng kotse-kotsehan sa kabilang kalsada, kaagad niya itong pinuntahan at hindi ito namalayan ng kanyang ina. Ilang sandali pa ay iyak nang | Magbasa Tayo!<br><br>**Si Yayo**<br>Umaga nang masiglang magising si Yayo. Pagkatapos ng almusal, naglaro na siya ng yoyo. Tanghali nang dumating ang inang si Yana na may dalang pasalubong na yema. Gabi na nang dumating si Yujin na kaniyang ama. "Yehey!", ang nasabi niya dahil may dala itong makukulay na yeso para sa pagguhit na libangan nilang tatlo.<br><br>Itanong:<br><br>1. Sino ang batang mahilig maglaro ng yoyo?<br>2. Ano ang pangalan ng kaniyang ama at ina?<br>3. Ano ang pasalubong sa kaniya ng ama at ina?<br>4. Saan naganap ang kuwento?<br>5. Ano ang katangiang taglay ni Yayo bilang isang bata? Bilang isang anak?<br>6. Sa iyong palagay, ano ang naramdaman ni | Anong mga hayop nga ulit ang aking ipinakita sainyo kanina?<br><br>Ipinakilala ko sila dahil tungkol sa kanila ang kwentong babasahin natin ngayon araw.<br><br>Ngayong araw, magbabasa tayo ng isang *pabula.*<br><br>Alam niyo ba kung ano ang pabula?<br><br>Ang **pabula** ay isang uri ng panitikan na kung saan ang pangunahing mga tauhan ay ginagampanan ng mga hayop. | Magbasa Tayo!<br><br>**Ang Agila at ang Maya**<br><br>Isang Agila ang kasalukuyang lumilipad sa kalawakan, buong yabang niyang iniladlad at ibinuka ang kanyang malalapad na pakpak. Habang patuloy siya sa kanyang paglipad ay nakasalubong niya ang isang maliit na ibong Maya at hinamon niya ito.<br><br>"Hoy Maya, baka gusto mong subukan kung sino sa ating dalawa ang mabilis lumipad?" buong kayabangan ni Agila. Kaya naipasya niyang tanggapin ang hamon nito para maturuan niya ng leksyon.<br><br>"Sige! Tinatanggap ko ang hamon mo. Kailan mo gustong magsimula tayo?"<br><br>Natuwa ang Agila, hindi niya akalain na | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | iyak si Allen. Ano kaya ang nangyari sa kaniya?<br><br>a. Bumalik siyang dala ang laruan.<br>b. Kinuha niya ang laruan nang walang paalam.<br>c. Nawala si Allen sa palengke.<br><br>3. Sina Yana, Lira at Anna ay magkakaibigan. Isang araw ay pumunta sila sa tindahan upang bumili ng meryenda. Matapos magbayad ay sinuklian sila ng tindera ngunit sa pagmamadali ay hindi na nila ito binilang. Nang makarating sa palaruan napansin ni Ana na sobra ang sukli sa kanila. Kaagad siyang tumakbo pabalik sa tindahan. Ano kaya ang ginawa ni Ana?<br>a. Ibinili ng kendi ang sobrang sukli.<br>b. Binigyan ang isa pa nilang kalaro ng pera.<br>c. Ibinalik ang sobrang sukli sa tindera. | Yayo nang makita ang pasalubong sa kaniya ng kaniyang ama?<br>7. Ano ang palatandaan na ito ang kaniyang nararamdaman? | | tatanggapin nito ang hamon niya.<br><br>"Aba, nasa sa iyo 'yan. Kung kailan mo gusto," buong kayabangang sagot ni Agila.<br><br>Napatingin ang Maya sa kalawakan. Nakita niyang nagdidilim ang kalangitan, natitiyak niyang ang kasunod niyon ay malakas sa pag-ulan.<br><br>"Sige Agila, gusto kong umpisahan na natin ang karera ngayon na. Pero, para lalong maging masaya ang paligsahan natin ay kailangang bawat isa sa atin ay magdadala ng kahit anong bagay. Halimbawa ang dadalhin ko ay asukal ikaw nman ay bulak."<br><br>Tumawa ang Agila sa narinig na sinabi ni Maya. Tuwang-tuwa talaga siya, bakit nga naman hindi eh, mas hamak na magaan ang bulak na dadalhin niya kumpara sa mabigat na | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | asukal na dadalhin naman nito.<br><br>"O ano, Agila, payag ka ba?" untag ni Maya.<br><br>"Aba oo, payag na payag ako."<br><br>"Sige doon tayo mag-uumpisa sa ilog na 'yon at doon tayo hihinto sa tuktok ng mataas na bundok na iyon," wika pa ni Maya.<br><br>Gusto ng matawa ni Agila sa katuwaan dahil tiyak na ang panalo niya subalit hindi siya nagpahalata.<br><br>At sisimulan nga nila ang paligsahan.<br><br>Habang nasa kalagitnaan na sila ng kalawakan ay siya namang pagbuhos ng malakas na ulan. Nabasa ang bulak na dala-dala ni Agila kaya bumigat ito ng husto. Nahirapan si Agila , kaya bumagal ang lipad niya.<br><br>Samantalang ang mabigat sa asukal na | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | dala-dala naman ni Maya ay nabasa din ulan kaya natunaw ito. Napabilis ang lipad ni Maya.<br><br>Dahilan sa pangyayari, unang nakarating si Maya sa ituktok ng mataas na bundok at tinalo niya ang mayabang na Agila. | |
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Sagutin ang mga tanong at ilahad ang posibleng wakas ng kuwento.<br><br>May tatlong magkakaibigan na sina Lito, Ben at Lian. Sila ay laging magkakasama. Isang araw, pumunta sila sa opisina ng kanilang punong-guro nang walang paalam at pinaglaruan ang mga gamit sa loob ng opisina. Habang sila ay aliw na aliw sa paglalaro ay biglang dumating ang kanilang punong-guro.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Sino-sino ang magkakaibigan?______<br>2. Saan sila pumunta?_____________<br>3. Ano ang kanilang ginawa? ____________ | Magbahagi Ka!<br><br>Panuto: Magapakita ang guro ng mga larawan at ibahagi kung ano ang naging karanasan mo sa nasabing larawan.<br><br><br> | Magbasa Tayo!<br><br>**Ang Agila at ang Maya**<br><br>Isang Agila ang kasalukuyang lumilipad sa kalawakan, buong yabang niyang iniladlad at ibinuka ang kanyang malalapad na pakpak. Habang patuloy siya sa kanyang paglipad ay nakasalubong niya ang isang maliit na ibong Maya at hinamon niya ito.<br><br>"Hoy Maya, baka gusto mong subukan kung sino sa ating dalawa ang mabilis lumipad?" buong kayabangan ni Agila. Kaya naipasya niyang tanggapin ang hamon nito para maturuan niya ng leksyon. | Sagutin:<br><br>Kung kayo ang tatanungin, sino ang mas nais ninyong tularan? Si Agila ba o si Maya? Bakit? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Tama ba ang kanilang ginawa, bakit? ________________ 5. Ano kaya ang wakas ng kuwento? ____________________ | | "Sige! Tinatanggap ko ang hamon mo. Kailan mo gustong magsimula tayo?" Natuwa ang Agila, hindi niya akalain na tatanggapin nito ang hamon niya. "Aba, nasa sa iyo 'yan. Kung kailan mo gusto," buong kayabangang sagot ni Agila. Napatingin ang Maya sa kalawakan. Nakita niyang nagdidilim ang kalangitan, natitiyak niyang ang kasunod niyon ay malakas sa pag-ulan. "Sige Agila, gusto kong umpisahan na natin ang karera ngayon na. Pero, para lalong maging masaya ang paligsahan natin ay kailangang bawat isa sa atin ay magdadala ng kahit anong bagay. Halimbawa ang dadalhin ko ay asukal ikaw nman ay bulak." Tumawa ang Agila sa narinig na sinabi ni Maya. Tuwang-tuwa talaga siya, bakit nga naman hindi eh, mas hamak na magaan ang bulak na dadalhin niya | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | kumpara sa mabigat na asukal na dadalhin naman nito.<br><br>“O ano, Agila, payag ka ba?” untag ni Maya.<br><br>“Aba oo, payag na payag ako.”<br><br>“Sige doon tayo mag-uumpisa sa ilog na ‘yon at doon tayo hihinto sa tuktok ng mataas na bundok na iyon,” wika pa ni Maya.<br><br>Gusto ng matawa ni Agila sa katuwaan dahil tiyak na ang panalo niya subalit hindi siya nagpahalata.<br><br>At sisimulan nga nila ang paligsahan.<br><br>Habang nasa kalagitnaan na sila ng kalawakan ay siya namang pagbuhos ng malakas na ulan. Nabasa ang bulak na dala-dala ni Agila kaya bumigat ito ng husto. Nahirapan si Agila , kaya bumagal ang lipad niya.<br><br>Samantalang ang mabigat sa asukal na dala-dala naman ni Maya ay nabasa | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | din ulan kaya natunaw ito. Napabilis ang lipad ni Maya.<br><br>Dahilan sa pangyayari, unang nakarating si Maya sa ituktok ng mataas na bundok at tinalo niya ang mayabang na Agila.<br><br>**Aral**<br><br>• Huwag maging mayabang.<br>• Huwag maliitin ang kakayahan ng iba.<br>• Maging mapagpakumbaba anuman ang ating ginagawa.<br>• Gamitin ang talino sa tamang paraan. | | |
| Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | **Ano ang kuwento?**<br>Ito ay produkto ng malikhaing isip ng tao at naipahahayag ito sa pamamagitan ng pagsusulat, pagda-drama o sa pagsasa-pelikula. Maaring ito ay totoo o gawa-gawa lamang.<br><br>**Ano ang wakas?**<br>Ang wakas ay ang huli o katapusan ng isang kuwento. Ito ang kinalabasan o bunga ng | Panuto: Ayusin ang pangyayari sa kuwento ayon sa wastong pagkakasunod-sunod nito. Gamitin ang bilang 1-3 upang maipakita ang una hanggang huling pangyayari sa kuwento.<br><br>**Si Yayo**<br>____ Umaga nang masiglang magising si Yayo.<br>_____ Gabi na nang dumating ang kaniyang tatay na si Yujin na may | Sagutin ang mga tanong:<br>1. Ano ang pamagat ng kwento?<br>2. Sino sino ang mga tauhan sa kwento?<br>3. Ano ang napagkasunduan nina Maya at Agila?<br>4. Ano ang nakita ni Maya sa himpapawid?<br>5. Ano ang suhestiyon ni Maya na bitbitin habang sila ay nasa paligsahan?<br>6. Ano ang nangyari habang sila ay nagpapaligsahan? | Sagutin:<br>1. Ano ang masasabi mo kay Agila? Ilarawan mo nga si Agila?<br>2. Ano naman ang masasabi mo kay Maya? Ilarawan mo nga si Maya? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | kuwento. Ito rin ang resolusyon o ang kahihinatnan ng kuwentong binasa. | dalang makukulay na yeso.<br>_____ Tanghali nang makauwi ang ina niyang si Yana na may dalang pasalubong na yema. | 7. Anong aral ang napulot mo sa kwento? | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | **Paano mo mahuhulaan ang posibleng wakas ng kuwento?**<br>Ang kasanayan sa pag-unawa upang makapagbigay ng hinuha at hula sa posibleng wakas ng kuwento ay mahalaga. Kapag nauunawaan ang nilalaman ng kuwento ay madali itong mabibigyan ng posibleng wakas. | Tandaan:<br>Ang pag-uugnay ng kwentong narinig sa sariling karanasan ay nagpapahayag sa pag-unawa nito. | Tandaan:<br>Sa pakikinig at pagbabasa ng kwento, marapat na itala ang mga mahahalagang pangayayari ukol dito. | Tandaan:<br>Sa pakikinig at pagbabasa ng kwento, marapat mo ring matututunan na ilarawan ang mga mahahalagang pangayayari ukol dito. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Iguhit ang posibleng wakas ng kuwento.<br><br>Araw ng Sabado, maagang gumising si Zandy may usapan kasi sila ng kanyang ama na sasama siya sa panghuhuli ng isda sa palaisdaan. Inihanda niya ang kanilang meryenda pati na rin ang pamalit na damit na kanilang isusuot sakaling pagpawisan sa pangingisda. Nagpaalam na siya sa kaniyang ina | Panuto: Isulat ang WASTO kung ang karanasan ay nagpapakita ng tamang gawain at DI-WASTO kung hindi.<br>_______1. Madalas akong mahuli sa klase.<br>_______2. Nagtatapon ako ng basura sa ilog.<br>_______3. Nagtatanim ako ng puno sa aming bakuran.<br>_______4. Nagtatanim ako ng puno sa aming bakuran. | Panuto: Lagyan ng tsek (√) kung ang mga sumusunod na pangayayri ay naganap sa kwentong ating binasa at ekis (x) kung hindi.<br>____1. Hinamon ni Agila si Maya sa magkaroon ng paligsahan.<br>____2. Biglang bumuhos ang malakas na ulan habang nagpapaligsahan sina Agila at Maya.<br>____3. May bitbit na regalo si Agila sa himpapawid.<br>____4. Nalusaw ang bitbit ni Maya na asukal.<br>____5. Nanalo si Agila dahil siya ay mabilis. | Panuto: Ilarawan mo ang dalawang tauhan sa kwento.<br><br>1. ___________________<br>2. ___________________<br>3. ___________________<br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. | _______5. Nananalangin kami bago kumain at matulog. | | 1. ________________<br>2. ________________<br>3. ________________ | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat) | | | | | |
| Mga Tala | | | | | |
| Repleksiyon | | | | | |
| Takdang-Aralin | Iguhit ang ☼aw kung angkop ang wakas ng kuwento at bituin kung hindi angkop.<br>☆<br>_____1.Naglalaro ng taguan ang magkakaibigang sina Mark, Shane at Calvin nang biglang bumuhos ang malakas na ulan ngunit sa halip na pumasok sa bahay ay | Panuto: Tukuyin ang mga karanasan at pangyayari sa paligid kung saan ito kadalasang naoobserbahan o napapanuod. Bilugan ang titik ng napiling sagot.<br><br>1. Ang mga hiniram na libro sa silid-aklatan ay ibinabalik ng maayos.<br>a. paaralan | Panuto: Batay sa kwentong, "Ang Agila at ang Maya", muli itong ikwento sa pamamagitan ng pagtala ng limang mahahalagang impormasiyon na nangyari sa kwento.<br><br>1. ____________________<br><br>2. ____________________ | Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang iyong paboritong karakter sa kwento at isulat sa baba kung bakit. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | nagpatuloy lang sila sa paglalaro.<br>_____2. Habang kumakain ng sopas sa kantina ay hindi sinasadyang natapunan ni Amy si Joan. Kaagad na humingi ng paumanhin si Amy at sumagot naman si Joan na wala siyang dapat alalahanin.<br>_____3. Sa halip na mag-aral ng mga aralin ay naglaro buong maghapon si Lea. Wala siyang pakialam kung may pagsusulit sila kinabukasan. Nang dumating ang pagsusulit ay nakakuha siya ng mataas na iskor. | b. bahay<br>c. komunidad<br><br>2. Ang mga kawani ng barangay ay nagtutulong-tulong upang magtanim ng mga puno.<br>a. paaralan<br>b. bahay<br>c. komunidad<br><br>3. Inililigpit ng bata ang kaniyang higaan pagkagising.<br>a. paaralan<br>b. bahay<br>c. komunidad | 3. ______________________<br><br>4. ______________________<br><br>5. ______________________ | | |